

# Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_  
20

## Pagpili ng angkop na pang-uri

*Panuto:* Isulat sa patlang ang pang-uri na bubuo sa pangungusap. Pumili mula sa mga pang-uri sa kahon. Isang beses lamang maaaring gamitin ang bawat pang-uri.

a. masigla	e. ligtas	i. magaling	m. makinis	o. matanda
b. mabaho	f. madilim	j. matatag	n. maluwag	p. libre
c. kakila-kilabot	g. malungkot	k. malapit	ñ. magalang	q. masagana
d. mahaba	h. malikot	l. madali	ng. marumi	r. maramot

1. Mas matatag ang bahay na gawa sa bato kaysa sa kahoy.
2. Ligtas na sa panganib ang mga taong nakatira malapit sa bulkan.
3. Si Lea Salonga ay magaling na mang-aawit.
4. Labhan mo ang basahan na marumi.
5. Makinis ang balat ng sanggol.
6. Libre ba ang pagkain at inumin sa komperensya?
7. Natatakot akong dumaan sa madilim na kalye.
8. Mas mahaba ang buhok ni Nicole kaysa kay Donna.
9. Masyadong malikot ang bata kaya madalas siyang masugatan.
10. Madali ang pagsusulit kung nag-aral ka nang mabuti.
11. Masigla ang mga bata dahil malapit na ang Pasko.
12. Bumili ka ng yelo sa malapit na tindahan.
13. Matanda na ang tatay ko kaya hindi na siya makabibiyaha nang malayo.
14. Mabaho ang basurang nakakalat sa kalye.
15. Ang batang nagsasabi ng *po* at *opo* ay magalang.
16. Masagana ang ani ng mga magsasaka ngayon taon.
17. Huwag kang maramot. Bigyan mo si Mia ng kapiasang keyk.
18. Dahil pumayat si Juan, maluwag na ang kanyang mga pantalon.
19. Mula nang umalis ang tatay niya, naging malungkot si Carmina.
20. Natuklasan ng pulis ang lugar ng kakila-kilabot na krimen.